# MGA PAGTITIPON SA SAN FRANCISCO CITY HALL (SAN FRANCISCO CITY HALL EVENTS)



Buong pagmamahal na tinatawag na People's Palace, ang San Francisco City Hall ang sentro ng pamahalaan para sa Lungsod at County ng San Francisco at isa rin itong dinarayong makasaysayang landmark. Ang gusaling Beaux-Arts na ito, na dinisenyo ni Arthur Brown Jr, ay orihinal na nagbukas noong 1915 bilang monumento para sa City Beautiful movement. Sa kasalukuyan, dahil sa mga eleganteng palamuti at marangal na hitsura nito, ito ang nangungunang venue para sa mga event sa San Francisco. Mula sa marangyang Rotunda at ang Grand Staircase nito na puno ng dekorasyon, hanggang sa napakakinang na North at South Light Court, ang San Francisco City Hall ay perpektong maringal na lugar para sa mga gala, kasal, hapunan, at pagdiriwang.

JOEL PULIATTI: ARCHITECTURAL PHOTOGRAPHER

# Magdiwang sa ilalim ilalim ng Golden Dome



JOEL PULIATTI: ARCHITECTURAL PHOTOGRAPHER


4 MGA EVENT SA GABI AT WEEKEND

6 MGA RATE O PRESYO SA PAGRERENTA

7 MGA PACKAGE SA KASAL

10 MGA BAYARIN AT GASTUSIN

12 MGA PAGBU-BOOK AT VENDOR

13 KAPASIDAD AT MGA FLOOR PLAN

14 MGA DIREKSYON AT PARADAHAN


MAKIPAG-UGNAYAN SA:


City Hall Events Office
City Hall, Room 495
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
San Francisco, CA 94102

Tel: 415.554.6079
Fax: 415.554.7446
EMAIL: cityhall.events@sfgov.org
sfcityhallevents.org


NAOMI KELLY
*City Administrator*
JOHN CALDON
*City Hall Events Director*

# Mga Event sa Gabi at Tuwing Sabado at Linggo



BLUEPRINT STUDIOS & GOT LIGHT

BLUEPRINT STUDIOS & GOT LIGHT (TOP LEFT AND RIGHT)





## MGA EVENT SA GABI AT TUWING SABADO AT LINGGO

Magdiwang sa ilalim ng golden dome. Magpakasal sa Grand Staircase, mag-enjoy ng cocktail reception sa aming nakapanghihikayat na North Light Court, o bigyan ng hindi makakalimutang gabi ang iyong mga bisita ng hapunan at sayawan sa engrandeng Rotunda.


Maaaring rentahan ang City Hall nang buong gabi sa mga weekday at weekend. Bukas sa publiko ang gusali mula Lunes hanggang Biyernes simula 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., ngunit maaaring isapribado ang ilang bahagi para sa espesyal na event sa mga oras na iyon.

BLUEPRINT STUDIOS & GOT LIGHT (LEFT AND CENTER)



SOUTH LIGHT COURT





JOEL PULIATTI: ARCHITECTURAL PHOTOGRAPHER

# Mga Rate o Presyo para sa Pagrerenta

## MGA GABI AT TUWING SABADO AT LINGGO

Kasama sa mga rate ang mga karaniwang serbisyo ng gusali, ngunit hindi kasama rito ang labor, insurance, kagamitan, seguridad, at iba pang singil. Tingnan ang Mga Bayarin at Gastusin para sa iba ang impormasyon.

Maaari nang magpasok ng gamit sa North Light Court sa ganap na 2:00 p.m. Nagsisimula naman ang pagpasok sa iba pang lugar nang 4:00 p.m. Dapat matapos ang guest event sa ganap na 12:00 ng madaling araw. Ang paglalabas naman ng gamit ay kailangang matapos nang 2:00 a.m.

Nananatiling bukas sa publiko ang gusali mula Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., ngunit maaaring isapribado ang ilang bahagi para sa espesyal na event sa mga oras na iyon.

Hindi marerentahan ang Rotunda sa araw mula Lunes hanggang Biyernes, maliban na lang kung may paunang pag-apruba para sa maagang paggamit na kaugnay ng mga pagrenta sa gabi.

| | | |
|---|---|---|
| **Rotunda at One Light Court** | 1 - 499 na bisita | $10,000 |
| **Rotunda at Parehong Light Court** *(kung 2,000 ang bisita, kailangan espesyal na pag-apruba)* | 1 - 999 na bisita<br>1,000 - 1,499 na bisita<br>1,500 - 1,999 na bisita<br>2,000 - 2,499 na bisita<br>2,500 - 3,000 na bisita | $12,500<br>$15,000<br>$20,000<br>$25,000<br>$30,000 |
| **North Light Court** | 1 - 870 bisita | $5,000 |
| **South Light Court** | 1 - 600 bisita | $5,000 |
| **Maagang Paggamit – Ang Rotunda mula Lunes Hanggang Biyernes** | Nangangailangan ng pag-apruba | $1,000/oras |
| **Maagang Paggamit – Ang mga Light Court Mula Lunes Hanggang Biyernes** *(kada silid)* | Nangangailangan ng pag-apruba | $500/oras |
| **Maagang Paggamit – Lahat ng Bahagi sa Tuwing Sabado at Linggo** *(kada silid)* | Nangangailangan ng pag-apruba | $500/oras |
| **Huling Paggamit – Guest Event** | Nangangailangan ng pag-apruba | $5,000/oras |
| **Huling Paggamit – Paglalabas ng Gamit** | Nangangailangan ng pag-apruba | $500/oras |
| **Araw ng Pag-set up** | Nangangailangan ng pag-apruba | 50% ng Renta |

## ANG MGA LIGHT COURT MULA LUNES HANGGANG BIYERNES

Maaaring rentahan ang North Light Court na binabayaran kada oras mula 8:00 a.m. hanggang 2:00 p.m. at ang South Light Court mula 8:00 a.m. hanggang 4:00 p.m.

Sa pagrenta sa North Light Court, kailangan ng karagdagang $800 na café buy-out (pag-arkila sa buong cafe). Hindi kasama sa mga rate ang labor, insurance, kagamitan, seguridad, at iba pang singil. Tingnan ang Mga Bayarin at Gastusin para sa iba pang impormasyon.

| | |
|---|---|
| **North Light Court**<br>1 - 870 bisita | $500/oras |
| **South Light Court**<br>1 - 600 bisita | $500/oras |


SOUTH LIGHT COURT

JOEL PULIATTI: ARCHITECTURAL PHOTOGRAPHER

# Mga Package sa Kasal



DUBNOFF WEDDING PHOTOGRAPHY



MAYOR'S BALCONY SA IKA-2 PALAGPAG

DUBNOFF WEDDING PHOTOGRAPHY





MAYOR'S BALCONY SA IKA-2 PALAGPAG



NORTH GALLERY SA IKA-4 NA PALAPAG

JOEL PULIATTI: ARCHITECTURAL PHOTOGRAPHER (RIGHT TOP & BOTTOM)

## PACKAGE NA ISANG ORAS NA KASAL

Upang makapagbigay ng serbisyo sa mga simpleng pagdiriwang at sapat lang na badyet, mayroong package na Isang oras na Kasal ang City Hall, kung saan kasama na ang ng pribadong paggamit sa Mayor's Balcony o sa isang Gallery sa Ikaapat na Palapag nang hanggang isang oras mula Lunes hanggang Biyernes. Kung saan nagsisimula sa ganap na 9:00 a.m. ang pinakamaagang pagdiriwang at nagsisimula naman sa ganap na 3:00 p.m. ang pinakahuli.

Ang halaga ng renta para sa package na ito ay $1,000, na kung saan kasama na ang isang oras na paggamit para sa hanggang sa 100 bisita. Ang mga upuan ay karagdagang pagrenta ng kagamitan. Hanggang 40 ang kapasidad sa upuan ng Mayor's Balcony, at hanggang 60 naman ang kapasidad sa upuan ng Gallery sa Ikaapat na Palapag (ang mga natitirang bisita ay tatayo para sa pagdiriwang).

Dahil sa mga limitasyon sa oras, hindi na puwede ang kainan at inuman. Maaaring magpatugtog ng acoustic na musika nang may paunang pag-apruba.

Kinakailangan ng maagang pag-apruba ang paggamit ng chuppah at ito ay dapat suportado gamit ang kamay. Dahil sa patnubay ng fire safety (pag-iingat sa sunog), hindi pinapayagan ang paggamit ng freestanding chuppah sa mga isang oras na kasal.

Kasama sa package na Isang Oras na Kasal ang insurance at mga pangkaraniwang serbisyo sa gusali.

*TANDAAN: Hindi kami nagbibigay ng officiant o namamahala ng mga lisensya at sertipiko sa kasal.*

## PACKAGE NA DALAWANG ORAS NA KASAL

Sa aming package na Dalawang Oras na Kasal, inaalok na isagawa ang kasal sa Grand Staircase ng Rotunda na napapaligiran ng mga kapamilya at kaibigan. Magagawa lang ang $5,000 na package na ito tuwing Sabado, kung saan nagsisimula ang pinakamaagang seremonya sa ganap na 9:00 a.m. at ang pinakahuli ay sa ganap na 12:00 ng tanghali.


Sa package na ito, maaaring mag-imbita ng hanggang 200 bisita, kasama ang mga upuan, insurance, at pangkaraniwang serbisyo sa gusali. Ang mga bisitang lalampas sa 200 ay maaaring pagmulan ng karagdagang singil para sa labor at kagamitan, at kasama na rito karagdagang renta na $4/bisita at bayarin sa insurance na $3/bisita na may $100 na minimum. Kasama sa dalawang oras na tagal na ito ang pagpapasok at paglalabas ng gamit.

Nang dahil sa mga limitasyon sa oras, ang paggamit ng mga vendor sa labas, kasama ang mga serbisyo para sa pagkain at inumin, nangangailangan ng paunang pag-apruba.

*TANDAAN: Hindi kami nagbibigay ng officiant o namamahala ng mga lisensya at sertipiko sa kasal.*



DUBNOFF WEDDING PHOTOGRAPHY (TOP, BOTTOM CENTER AND RIGHT)



JOEL PULIATTI: ARCHITECTURAL PHOTOGRAPHER





# Mga Bayarin at Gastusin

## RENTA
Ang lahat ng bayarin at gastusin ay idaragdag sa renta. Tingnan ang Mga Rate ng Renta para sa iba pang impormasyon.

## PAGPOPROSESO
Kailangan ng bayad sa pagpoproseso na $500 upang masaklaw ang mga pang-administratibong gastusin para sa lahat ng event.

## KURYENTE
Kailangan ng bayad na $500 para sa paggamit ng kuryente ng gusali para sa lahat ng event.

## MGA KARAGDAGANG BISITA
May sisingiling bayad $4/bisita para sa mga bisitang lalampas sa 200 sa mga package na Dalawang Oras na Kasal.

## CAFÉ BUY-OUT
Kapag ginamit ang North Light Court nang weekday bago sumapit ang 2 p.m., kailangang magbayad ng buy-out na $800.

## EMT
Dapat kumuha ng Emergency Medical Technician sa site para sa mga event na may $800 o higit pang bisita. Pakibisita ang aming website para sa listahan ng mga kuwalipikadong  vendor.

## KAGAMITAN
Limitado ang imbentaryo ng kagamitang pinaparentahan ng City Hall. Kailangang makipagkontrata ng karamihan sa tagalabas na vendor upang magrenta ng kagamitang kinakailangan sa pagsasagawa ng kanilang event. Bukod sa 200 upuang kasama sa aming package na Dalawang Oras na Kasal, hindi kasama sa bayad sa pagrenta ang kagamitan.

## ILAW SA LABAS
Kung gustong pailawan ang labas ng City Hall gamit ang LED system nito, kumuha ng paunang pag-apruba mula sa Opisina ng Alkalde at magbayad ng $5,000 para dito. Mangyaring makipag-ugnayan sa aming kawani upang magtanong tungkol sa pagkuha ng pag-apruba.

## MGA PERMIT MULA SA FIRE DEPARTMENT AT FIRE MARSHALL
Ipinagbabawal ang paggamit ng apoy o open flame sa City Hall at sa paligid nito. Posibleng gumamit ng mga kandila sa mga naaprubahan nang lagayan sa mga tsimenea at sa paghahanda ng pagkain kapag paunang naaprubahan, at kapag nakakuha na ng mga kinakailangang permit. Dapat munang maaprubahan ang mga floor plan para sa mga pagtitipon ng Events Office ng city Hall, at pagkatapos nito, ng Fire Department ng San Francisco. Kailangan ay may Fire Marshall sa kabuuan ng event para sa anumang event na maghahanda o mag-iimbak ng mainit na pagkain sa lugar at sa lahat ng seated dinner (hapunan kung saan nakaupo at sinisilbihan ng mga server ang mga bisita). Mangyaring makipag-ugnayan sa Fire Department ng San Francisco para sa iba pang impormasyon kaugnay ng mga bayarin sa permit at iba pang gastusin.

## INSURANCE
Kinakailangan ng Certificate of Insurance (Sertipiko ng Seguro) na may kasamang Additional Insured Endorsement para sa lahat ng aktibidad sa pagrerenta. Dapat kasama sa insurance ang pagkakasaklaw sa Pasweldo sa Mga Manggagawa, saklaw sa Pampublikong Pananagutan na $1 milyon, at Saklaw sa Pinsala sa Ari-arian na $1 milyon. Makakukuha ng insurance sa pamamagitan ng City Hall Events Office para lang sa mga kliyente ng kasal na nagkakahalagang $3/bisita na may $100 na minimum. Ang package na Isang Oras na Kasal ay may kasamang insurance, at ang package na Dalawang Oras na Kasal ay may kasamang insurance para sa hanggang sa 200 bisita, at magkakaroon ng singil na $3/bisita na may $100 na minimum kung lalampas dito.


## MGA MAGTATRABAHO
Depende sa laki at lawak ng iyong event, maaaring mangailangan ng karagdagang tauhan, kasama na ang mga event manager, laborer, engineer at electrician. Ang gastusin para sa labor na ito ay isasama sa kalkulasyon ng iyong bayarin.

## MGA NAHULING PAGSUSUMITE NG PLANO
Kapag isinumite ang mga event diagram nang kulang sa dalawang lingg bago ang event, o kapag nagumite ng mga planong elektrikal nang kulang sa limang araw ng trabaho bago ganapin ang isang event, maniningil ng ng bayarin sa huling pagsusumite na $250.

## LIFE SYSTEM ALARM
Papatawan ng $5,000 na multa ang mga vendor at kliyente na nagdulot ng pagtunog ng Life System Alarm ng City Hall.

## PAGRE-RECYCLE
Papatawan ng $1,000 ang mga vendor at kliyente na hindi magre-recycle ng basurang naipon ng kanilang event.

## SEGURIDAD
Ang Sheriff's Department ng San Francisco ang eksklusibong tagapaghatid ng mga serbisyong panseguridad sa City Hall. Ang mga bayarin para sa mga serbisyo ay batay sa mga eksaktong pangangailangan ng bawat event, at isasama sa kalkulasyon ng iyong bayarin ang gagastusin para dito. Kasama sa rate ng renta para sa package na Isang Oras na Kasal ang mga gastusin sa seguridad. Kasama sa rate ng renta para sa package na Dalawang Oras na Kasal ang mga gastusin sa seguridad para sa hanggang sa 200 bisita.



BLUEPRINT STUDIOS & GOT LIGHT



JOEL PULIATTI: ARCHITECTURAL PHOTOGRAPHER



DUBNOFF WEDDING PHOTOGRAPHY





SOUTH LIGHT COURT

BLUEPRINT STUDIOS & GOT LIGHT

# Mga Pagbu-book at Vendor

## PAGBU-BOOK

### 1. UNANG PAGTATANONG

Makipag-ugnayan sa aming opisina upang tingnan kung libre ang (mga) petsang gusto mo. Limitado ang mga makukuhang petsa, kaya maghanda ng mga alternatibong petsa at ng malinaw na impormasyon tungkol sa iyong event at sa timeline nito. Kung mukhang libre ang (mga) petsang gusto mo, maaari kang magtakda ng pansamantalang pagkuha.

### 2. PAMAMARAAN SA PAGHAMON

Kung may ibang partidong kumuha sa petsang gusto mo, maaari mong hamunin ang partidong ito sa pamamagitan ng pagsusumite ng kumpletong kontrata kasama ng tseke o money order mula sa cashier para sa deposito sa renta (75% ng kabuuang bayarin sa renta).

Pagkatapos nito, may dalawang araw ang hinahamong partido upang bayaran ang renta o pakawalan ang pinagtatalunang petsa. Iisang pansamantalang pagkuha lang ang maaaring hamunin sa bawat pagkakataon.

Kapag nagtagumpay ang iyong paghamon, hindi mare-refund o maililipat ang iyong deposito sa ibang petsa.

Kapag hindi nagtagumpay ang iyong paghamon, maaaring i-refund ang iyong deposito o gamitin para sa ibang petsa.

### 3. KONTRATA

Upang kumpirmahin ang iyong petsa, magsumite ng kumpletong kontrata kasama ang deposito sa renta (75% ng kabuuang bayarin sa renta).

### 4. PAGPAPLANO NG EVENT

Bago ang iyong event:

- Magsumite ng timeline, floor plan, listahan ng mga vendor, at katibayan ng insurance ng iyong event.
- Bayaran ang paunang kalkulasyon ng mga gastusin na sasaklaw sa labor, kagamitan, at mga karagdagang bayarin. Tingnan ang <u>Mga Bayarin at Gastusin</u> para sa iba pang impormasyon.
- Tiyakin na makakapagbigay ng mga kinakailangang permit, kasama na ang permit mula sa Fire Department ng San Francisco.

### 5. PAGBISITA SA SITE

Humigit-kumulang tatlong linggo bago ang petsa ng event, itinatakda sa iyong caterer at iba pang vendor na bumisita sa site kasama ng kawani ng City Hall Events office. Makabibisita lang sa site sa pamamagitan ng appointment, Lunes hanggang Biyernes, mula 9 a.m. hanggang 4:30 p.m.

### 6. BAYARAN ANG PINAL NA KALKULASYON

Humigit-kumulang tatlong linggo bago ang iyong event, gagawa kami ng pinal na kalkulasyon ng mga gastusing sasaklaw sa iyong renta, labor, at iba pang bayarin. Dapat ibigay ang huling bayad nang hindi kukulangin sa limang araw bago ang iyong event.

## MGA VENDOR

Upang padaliin ang iyong mga pagsisikap sa pagpaplano at mas luminaw ang pagkakaroon ng perpektong event, gumawa ang City Hall ng eksklusibong listahan ng mga kuwalipikadong vendor na nagtatrabaho.

Pamilyar ang mga kuwalipikadong vendor na ito sa aming Mga Patakaran at Regulasyon at natutugunan nila ang lahat ng mahahalagang kinakailangan upang makapagtrabaho sa gusali.

Pakibisita ang aming website para sa kumpletong listahan ng mga vendor at direktang makipag-ugnayan sa kanila upang malaman ang tungkol sa kanilang mga serbisyo at presyo.




DUBNOFF WEDDING PHOTOGRAPHY

# *Kapasidad at Mga Floor plan*

Maaaring tumanggap ang City Hall ng mga event mula sa mga pribadong pagdiriwang ng kasal na may sampung tao hanggang sa magagarbong pagdiriwang na may 3,000 tao.

Kapag nakakontrata na ang event, makakukuha ng mga detalyadong floor plan ang mga taong binigyan ng lisensya at ang kanilang mga vendor. Makikita sa mga floor plan na ito ang marami pang detalye at feature ng pasilidad kasama ang espasyong pansuporta at mga lokasyon ng mapagkukunan ng koryente.



**MGA GALLERY SA IKA-4 NA PALAPAG**
Nakatayo: 100
Bilang ng upuan para sa kasal: 60
Mga Dimensyon: 52′ x 18′

**MAYOR'S BALCONY SA IKA-2 PALAPAG**
Nakatayo: 100
Bilang ng upuan para sa kasal: 40
Mga Dimensyon: 15′ x 53′

**SOUTH LIGHT COURT**
Nakatayo: 400
Teatro: 150
Nakaupo: 300
Mga Dimensyon: 56′ x 121′

**ROTUNDA**
Nakatayo: 600
Teatro: 200
Nakaupo: 320
Mga Dimensyon: 68′ x 80′

**NORTH LIGHT COURT**
Nakatayo: 600
Teatro: 300
Nakaupo: 435
Mga Dimensyon: 53′ x 123′

# *Mga Direksyon at Paradahan*

San Francisco City Hall
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
(Polk Street sa pagitan ng McAllister at Grove)

## MGA DIREKSYON SA PAGMAMANEHO

**Mula South Bay o Penninsula**


1. Mula sa 101 North lumabas sa 9th Street
2. Kumaliwa sa 9th Street
3. Sa Market Street, kumanan sa Larkin Street
4. Kumaliwa sa McAllister Street
5. Kumaliwa sa Dr. Carlton B. Goodlett Place (Polk Street)

**Mula sa East Bay**

1. Mula sa I-80 West, bagtasin ang Bay Bridge
2. Lumabas sa 9th Street/Civic Center at manatili sa kanan
3. Kumaliwa sa Harrison Street
4. Kumanan sa 9th Street
5. Sa Market Street, kumanan sa Larkin Street
6. Kumaliwa sa McAllister Street
7. Kumaliwa sa Dr. Carlton B. Goodlett Place (Polk Street)

**Mula sa North Bay**

1. Magmaneho papuntang timog sa Highway 101 at bagtasin ang Golden Gate Bridge
2. Sundin ang mga karatula papuntang Downtown sa pamamagitan ng Lombard Street
3. Kumaliwa sa Van Ness Avenue
4. Tumuloy sa McAllister Street




## PARADAHAN

**P1** **Civic Center Plaza Garage**
355 McAllister Street (sa Polk) | 415.863.1537

**P2** **Performing Arts Garage**
360 Grove Street (sa Gough) | 415.252.8238

**P** Karagdagang paradahan

## PAGSAKAY SA BUS AT TREN

511.ORG 511.org | Telepono: 511 | TDD: 711

AC TRANSIT actransit.org
510.891.4700 | TDD: 800.448.9790

BART bart.gov
415.989.2278 | TDD: 510.839.2220

CALTRAIN caltrain.com
510.817.1717 | TTY: 650.508.6448

GOLDEN GATE TRANSIT
goldengatetransit.org
415.455.2000 | TDD: 711

MUNI sfmta.com
415.701.2311 | TDD: 415.701.2323

SAMTRANS samtrans.com
510.817.1717 | TDD: 605.508.6448